



MGA DARATING NA PAGBABAGO SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT PARA SA 2027



{NoticeSentDate}

Bilang ng Kaso: XXXXXXXX-01

{KIESBatchPrintNum}

{FullName}

{PersonalStreetAddress}{PersonalStreetAddress2}

{PersonalCity2}, {PersonalState2} {PersonalPostalCode2}

BAGONG KINAKAILANGANG PEDERAL: H.R.1

Aloha **(Primary Member)**,

Nauunawaan namin na ang pagharap sa mga abiso ay maaaring maging lubusang nakakapagod.

Nais naming siguraduhing maabisuhan kayo tungkol sa mahahalagang pagbabago sa pinakamabisang paraan!

Nagpasa ang pederal na pamahalaan ng **isang batas na tinatawag na H.R.1**, na lumikha sa **mga bagong kinakailangan sa trabaho/ boluntaryo para sa karamihan ng mga nasa hustong gulang sa pagitan ng edad na 19-64 upang mapanatili ang saklaw ng Med-QUEST**. Magkakabisa ang mga bagong kinakailangan na ito sa **January 1, 2027**.

Makaraan ang petsang ito, maaaring mawala ang mga saklaw ng mga miyembrong hindi nakakatugon sa mga kinakailangang ito! Hindi kakailanganin ng ilang tao na matugunan ang mga kinakailangang ito dahil ang sila ay **exempted o may eksepsyon**. Pakitingnan ang listahan ng mga eksepsyon sa susunod na pahina.

Natanggap mo ang liham na ito dahil **maaaring kailanganin mo o ng isang tao sa iyong sambahayan na matugunan ang mga bagong kinakailangang ito**.

Hindi mo kailangang gumawa ng anumang aksyon ngayon. Makikipag-ugnayan kami sa iyo kung kailangan namin ng pagpapatunay mula sa iyo upang mapatunayan na natutugunan mo ang mga bagong kinakailangan o kung may eksepsyon ka.

Ang mga kinakailangang ito ay kailangang matugunan sa loob ng **isa** sa anim na buwan bago ang iyong pag-renew ng Med-QUEST. Ang mga kinakailangang ito ay hindi nalalapat hanggang sa iyong pag-renew sa 2027. Bago ang iyong pag-renew sa 2027, aabisuhan ka kung na-renew na namin ang iyong coverage o saklaw, o kung kailangan namin ng karagdagang impormasyon mula sa iyo.

PAANO MATUGUNAN ANG MGA BAGONG KINAKAILANGAN:

- **Nakatanggap ng kita ng sambahayan na \$580 o higit pa sa loob ng kahit isang buwan sa nakaraang anim na buwan**
Maaaring gamitin ng mga seasonal worker ang kanilang average na buwanang kita sa loob ng anim na buwan upang matugunan ang kinakailangan.
---O---
- **Nakapag-enroll nang hindi bababa sa kalahating panahon sa isang programang pang-edukasyon**
---O---
- **Nagtrabaho o Nagboluntaryo nang hindi bababa sa 80 oras sa loob ng hindi bababa sa isang buwan sa nakaraang anim na buwan**

Ang 80 oras ay maaaring kumbinasyon ng mga sumusunod na aktibidad:

- Pagtatrabaho sa isang gawain o internship
- Pakikilahok sa programa sa pagsasanay sa trabaho, (tulad Job Corps o Employment & Training)
- Paglahok nang wala pang kalahating panahon sa isang programang pang-edukasyon o bokasyonal
- Pagboboluntaryo sa isang organisasyong sumusubaybay sa oras ng pagboboluntaryo (tulad ng isang non-profit, faith based o nakabase sa relihiyon, sports, o iba pang organisasyong nakabase sa komunidad)



HINDI KASAMA O MAY EKSEPSYON SA MGA KINAKAILANGAN SA TRABAHO SA PAG-RENEW:

Ang mga bagong kinakailangan sa trabaho/pagboboluntaryo ay **HINDI** naaangkop sa:

- Kabataan (0–18)
 - Nakatatanda na (65 o higit pa)
 - Mga taong nasa Medicare Part A o Part B
 - Mga buntis, kabilang ang isang taon makaraan ang pagbubuntis
 - Isang magulang, tagapag-alaga, o tagapangalaga ng pamilya ng isang umaasang anak na 13 taong gulang pababa, o isang tagapag-alaga ng isang taong may kapansanan
 - Mga taong may kapansanan (kabilang dito ang mga pisikal, intelektwal, o kapansanan na developmental na nagpapahirap sa paggawa ng mga pang-araw-araw na gawain)
 - Mga beterano na may 100% na rating ng kapansanan
 - Mga taong may malubhang kundisyon sa kalusugan o kalusugang pangkaisipan o mga problema sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot
 - Mga taong pinalaya mula sa kulungan o bilangguan sa loob ng nakaraang 90 araw
 - Mga American Indian o Alaska Natives
 - Dating foster youth na wala pang 26 taong gulang, na nasa pangangalaga sa isang foster care sa kanilang 18th kaarawan
 - Mga taong nakakatugon sa mga kinakailangan sa trabaho ng SNAP/TANF
 - Mga taong tumatanggap ng pangangalagang institusyonal sa isang pasilidad ng pangangalaga o mga katulad na serbisyo, tulad ng mga natatanggap sa isang ospital na inpatient
 - Mga taong nakatira sa isang lugar kung saan idineklara ang isang pambansang emergency o sakuna
 - Mga taong kailangang maglakbay dahil sa isang malubha o kumplikadong kundisyong medikal upang makatanggap ng pangangalagang hindi nila makukuha o ng isang dependent kung saan sila naninirahan
 - Mga taong nakatira sa isang lugar kung saan may mataas na antas ng unemployment
- (Sa kasalukuyan, mababa ang antas ng kawalan ng trabaho sa Hawai'i at hindi kwalipikado para sa eksepsyon na ito)*

(maaaring magbago habang hinihintay ang gabay ng CMS)

ANO ANG MAAARI KONG GAWIN NGAYON?

GUMAWA NG ISANG ONLINE NA ACCOUNT:



Suriin ang iyong Medicaid account online 24/7



Maaari mong iulat ang mga pagbabago, kumpletuhin ang iyong pag-renew, at mag-upload ng mga dokumento online



Piliin na huwag gumamit ng papel
Inirerekumenda namin ito!

mybenefits.hawaii.gov



MAYROON NG ISANG ACCOUNT?

Mahusay na simula! Kung mayroon na kayong isang account, **mangyaring mag-log in at siguraduhing napapanahon ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Ang pamamahala ng iyong Med-QUEST account online ang pinakamahusay na paraan upang mabigyan kami ng impormasyong kailangan namin upang matulungan kang mapanatili ang iyong health insurance.**

MAAARI MONG I-UPDATE ANG IMPORMASYON NG IYONG KASO SA PAMAMAGITAN NG:

- **Pagbisita sa amin sa online:** mybenefits.hawaii.gov
- **Pagbisita sa amin ng personal:** Maaari mong bisitahin ang aming mga Eligibility and Enrollment Service Centers o Sentro ng Serbisyo para sa Pagiging Karapat-dapat at Pagpapatala o ang aming mga Community Partners para sa tulong. Pakibisita ang mga website na ito para sa mga lokasyon at karagdagang impormasyon:
 - **Med-QUEST:** medquest.hawaii.gov/contact
 - **Community Partners:** medquest.hawaii.gov/community
- **Pakikipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan kami sa 1-800-316-8005 (TTY: 711 o 1-800-603-1201)